

# Ang Awit bilang Remix

Katutubo, Wika, at Pilosopiya

---

**Jovino G. Miroy**

Ateneo de Manila University

## Abstrak

Pakay ng sanaysay na ito na ilarawan ang mga hakbang ng pamimilosopiya sa Filipino. Pinapanukala ng papel na posibleng tignan ang *Ibong Adarna* bilang akdang pilosopikal. Pinapanukala ng papel na ito na ang pagsusulat ng mga awit at korido, mga popular na teksto, ay impormado ng pilosopikal na hinagap. Naglalarawan ito ng limang hakbang tungo sa pakay na ipaliwanag ang kamalayang iyon. Sa unang hakbang, ipapakitang posibleng unawain ang *Ibong Adarna* nang pilosopikal at nakikipag-diyalogo sa Europeong Modernismo. Sa ikalawang hakbang, tatanungin kung may konsepto ng pilosopiya sa Pilipinas na iba sa konstruksyon niyon sa kanluran. Sa ikatlong hakbang, tatanungin kung ano ang lugar ng ala-ala, pagbalik, at katutubo sa pilosopiya ng *Ibong Adarna*. Sa ika-apat, ipapaliwanag na ang katutubo sa abot tanaw din ng mga awit at korido ay ang boses ng *subalterno* o nasa-isang-tabi (peripero). Ang Filipino bilang wika ng pilosopiya ay kilos at pagbibigay boses sa walang boses. Sa wakas, ang subersibo at naka-gagambalang kilos ng pagbubuo ng poskolonyal na pilosopiya ay nauunawaan ito bilang Inobasyon hindi lamang paglikha kungdi bilang remix.

## Mga Susing Salita

*Ibong Adarna*, awit at corrido, poskolonyal na pilosopiyang Filipino

## Introduksiyon

Kapag nababanggit na tinuturo ko ang pilosopiya sa Filipino sa mga salu-salo, halos hindi makapaniwala ang mga kaibigan ko. Tulad ng tingin sa salamangkero, tinatanong ng kanilang mga mata, “Paano mo nagagawa iyon? At bakit? Hindi ba mahirap?” Mula’t sapol, isa lamang ang kundisyon upang mamilosopiya sa Filipino—ang kahandaan at katapangan na lumusong sa karagatan nito. Kahandaan, dahil ayon sa kasabihan: “Kung gusto may paraan, kung ayaw, may dahilan.” Katapangan kasi sa mismong paglusong lamang matutunan ang paraan ng pamimilosopiya sa sariling wikang katutubo. Mahirap lamang ito sa simula, ngunit, napakadali sa kalaunan.

Gayopaman, pakay ng sanaysay na ito na ilarawan ang mga hakbang ng pamimilosopiya sa Filipino. Tatalakayin kung paanong ang isang akdang popular tulad ng awit at korido, ay masasabing namimilosopiya na sa Filipino. Pinapanukala ng papel na posibleng tignan ang *Ibong Adarna* bilang akdang pilosopikal, at sa ganitong paraan matalakay kung paano naging posibleng mamilosopiya sa Filipino.

Mulat ang pag-aaral na literaryong akda ang *Ibong Adarna*, at mabuti at kailangang gumawa ng genealohiya ng mga literaryong pag-aaral niyong; ngunit hindi ito ang proyekto ng papel. Nais nga lamang nitong magsimula sa mga simpleng tanong upang magabayan ang mga nagsisimula:

- a. Ano ang mga kundisyon ng posibilidad ng pilosopikal na pagbabasa sa awit, halimbawa sa *Ibong Adarna*?
- b. Paano gagawin ang pagbabasa sa pilosopikal na paraan ng mga popular na anyong Filipino?
- c. Sa anong paraan mapapatunayan na ang akdang ito ay pilosopiya sa Filipino?

Bagaman popular na teksto, ang mga awit ay may matayog na intelektwal na pinag-uugatan, at kung gayon, may higit na matayog na intelektwal na hinaharap. Balikan ang talatang ito mula sa aklat na *Tagalog Poetry* ni Bienvenido Lumbera:

Jose de la Cruz (1746-1829), better known as Huseng Sisiw (Jose the Chick), left no published works, although he is said to have authored a good deal of poetry. Taught the alphabet and the catechism by some neighbors, he broadened his education by teaching himself, so the story goes, philosophy and canon law, courses that served as the core of higher education during his time. The story cannot be pure legend, for the available works of the poet, as presented in fragments of Jose Ma. Rivera's biography *Huseng Sisiw*, lend credence to the claims for de la Cruz's learning (72).

O ito namang sinabi ng mga historyador hinggil kay Balagtas (1788-1862):

When he was 11, he was sent to Manila to work as a houseboy for the Trinidad family of Tondo. His master sent him to the Colegio de San Jose, where he took up humanities, theology, philosophy, and canon law. One of his professors was Father Mariano Pilapil. He finished his studies in 1812 at age of 24 (Villegas qtd. in Diokno and Villegas 189).

Sa dalawang talambuhay pa lamang na ito ng bantog na manunulat ng mga awit, malinaw na inuugnay ang mga manunulat ng mga awit at korido sa mga nakapag-aral ng pilosopiya at batas ng simbahan. Tinuring din Rizal ang mga sulating bilang bukal ng kanyang kaisipan: "Rizal carried Florante at Laura with him in his travels across Europe, and drew from it much of his portrayal of Ibarra in *Noli me tangere*" (190). Kinakailangan pa ngang ipakita sa susunod na mga pag-aaral ang patunay na "nag-aral" nga ng pilosopiya ang mga sumulat ng mga awit at korido[lalo na ng *Ibong Adarna*; bagaman hindi kilala ang sumulat niyon], at kung anong pilosopiya ang inaral nila, at sa kung anong wika [may alamat na nagsasabing marunong si Huseng Sisiw ng Latin at Griyego]. Gayonpaman, sa papel na ito, nais nating gawin simple ang metodo—na mapangahas na basahin ang mga akda sa *pilosopikal* na paraan. Nararapat na matagpuan sa teksto ang ebidensya ng pagkapilosopikal nito.

### **Inklusibong Depinisyon ng Pilosopiya**

Bago pa man, paano mapapatunayang pilosopikal nga ang isang pagbasa at ang pagbasang ito? Aling pagbasa ang magiging sapat upang tawagin nga itong pilosopikal? Ngunit baka ang tanong din ay nagmumula sa isang

depinisyon ng pilosopiya na di-naaartikula. Kailangang ilagay ang buong talakayan sa tanong kung paano ang mga nasakop ay nagtanong kung posibleng gawin ang pilosopiya sa paraang *iba* sa paraan ng mananakop. Maaaring tawagin itong “poskolonyal na pilosopiya,” o sa higit na malawak na katawagan—“di-tradisyunal na pilosopiya.”

Ang pakay ng poskolonyal na pilosopiya ay magkaruon ng higit na inklusibong depinisyon ng pilosopiya. Ang pagtutol na hindi pilosopiya o pilosopikal ang pagbasa ay baka nagmumula sa isang *prejudice* o diskriminasyon laban sa iba pang uri at paraan ng pag-iisip at mga teksto. Ang salaysay ay nakita sa kasaysayan ng pilosopiya. Masasabing ang poskolonyal o di-tradisyunal na pilosopiya ay nagtatangkang isagawa ang pilosopiya sa isang higit na inklusibong paraan. Ibig nitong sabihin, nais nitong tanungin ang pagbibigay depinisyon sa pilosopiya na hindi isinasama ang mga anyong maaaring sabihin o hindi moderno o hindi kanluranin. Sa ganitong paraan laging lalong mabuting isagawa muna ang pilosopiya kaysa bigyan ito ng depinisyon, na laging mahirap.

Ang pilosopiya, kung gayon ay nakikita hindi bilang isang bagay kungdi isang proseso na sumasailalim ng ebolusyon. Hindi nito sinasabi na imposibleng bigyang depinisyon ang pilosopiya, kungdi na ang depinisyon na iyon, upang maging inklusibo ay kailangang umunlad o sumailalim sa ebolusyon. Ang depinisyon ng pilosopiya ay wala sa simula ng kanyang kasaysayan, kungdi hinunulma ng mismong pagsasagawa nito—lalo na ng mga iba’t ibang lahing nasakop (Halimbawa, India at Aprika [Brown 2004; Coatzee and Roux 2003]). Ang depinisyon ng pilosopiya ay ginaganap pa, hindi pa ito ganap: “It also understands philosophy as an unfinished work of deconstruction and reconstruction, a continuation of the radical questioning that has always been the hallmark of its self-understanding” (Heisig, Kasulis, and Maraldo 20).

Ang pagnanais na ito na palawigin ang depinisyon ay pagtatanong rin kung maaaring lumagpas sa depinisyon ng pilosopiya ng mananakop o ng kanluran. Ang pagbatak sa depinisyon ay paghigit sa abot-tanaw kapwa ng mananakop at ng pananakop. Makikita na ang kilos na ito ay nagsimula pa nuong ika-19 na siglo kung kailan ayon sa mga historyador nagsimulang

makipagdiyalo ang mga nasasakop na bayan sa Modernismo sa Europa (Heisig, Kasulis, and Maraldo 20). Hindi inunawa ng intelektwal na kilusang ito ang pagbalik lamang ang poskolonyal na pilosopiya sa panahon bago ng pananakop kungdi pagtutol at paglampas sa pananakop. Sa simula, hindi rin pagbabalik ang poskolonyal na pilosopiya sa sero bilang simula, kungdi pag-gamit na rin sa kaisipang Europeo para sa mga proyektong nasyunal. Gayonpaman, malinaw sa kanilang mga teksto na kinailangan nilang bumalik sa mga tekstong di-tradisyunal na tinuturing na pilosopikal.

Ang mga kilusang ito, na nagpapatuloy hanggang sa ating panahon, ang sinusundan ng proyektong ito. Malay at intensyunal ang pagbubuong ito ng poskolonyal na pilosopiya, na may malinaw na kahulugan sa mga spesipikong pilosopo; halimbawa, sa pilosopong si Keiji Nishitani o si Sri Aurobindo. Sa Aprika, ang naging ibig sabihin ng poskolonyal na pilosopiya ay ang muling-pagsusulat ng kasaysayan ng pilosopiya. Tinanong kung talaga nga bang sa Gresya nagsisimula ang kasaysayan ng pilosopiya. Hindi nga ba't may mga nauna pang mga sibilisasyon kaysa Gresya, at ang mga ito ay nasa Aprika, na malamang ay naka-impluwensya sa kanila? Sinabi ng mga pilosopo ng Aprika na baka nagsisimula ang pilosopiya sa lahang itim, sa mga taga-Egipto, at sa pigura nila Noah at Moises (Park 2). Kung anoman ang kasalukuyang status ng panukalang ito sa harap ng ebidensya ng arkeyolohiya, ang nais lamang sabihin sa papel na ito ay ang di-tradisyunal na pilosopiya ay humihingi ng muling pagtingin sa kasaysayan ng pilosopiya. Huwag lamang tanggapin ang nakagisnang pagsasalaysay ng kasaysayan ng mga ideya. Sa pagtinging muli na ito sa kasaysayan ng pilosopiya kailangang gamitin rin sa pagsasalaysay ang lente ng lahi (*race*).

Kasabay nito, bumaling din ang mga pilosopong ito sa mga di-tradisyunal na pilosopikal na teksto ngunit naka-ugat sa tradisyon ng kanilang kultura. Kaya nga natuklasan nila na may tradisyunal na konsepto ng pilosopiya sa kanilang kultura. Halimbawa ay ang pag-imbento sa konsepto ng *tetsugaku* ng mga Hapon. Inimbento ito kasi, talos nila na iba ang pilosopiya na may bahid ng Kanluran sa naunang indihenong konsepto ng pilosopiya sa kanilang kultura: "Japan already had in place a solid philosophical tradition rooted in an intellectual history that provided it with resources comparable

to but very different from those that have sustained western philosophy” (Heisig, *Japanese Philosophy* 17). Sa India naman, may konsepto ng *darsana*:

The Sanskrit term *darsana* is the rubric under which classical India engaged in and understood its philosophical practice. It does not connote a ‘love of wisdom’ for its own sake, but a vision—an insight into the nature of reality—indispensable for overcoming various forms of suffering. Suffering, it is argued, is a product of a distorted picture of reality and a misunderstanding of its basic principles. Our defective grasp of reality ensnares us in a cycle of birth and death, which is referred to in classical philosophy through the trope of ‘bondage.’ The task of philosophy, on some interpretations, is to provide a corrective to our distorted picture of reality and free us from this ‘bondage’ (Dalvi qtd. in *Boundas* 645-646).

Sa pagdidiyalogo na isinagawa ng mga poskolonyal na pilosopo sa pag-itan ng kanilang tradisyunal na mga teksto at ng Europeong Modernong pilosopiya, mulat nilang muling sinimulan ang kasaysayan ng pilosopiya. Upang maganap ito, kinailangan ng abot-tanaw ng pagkamarami at pagkakaiba (*pluralism at diversity*). Lumagpas sila sa reduksyon o pag-uuwi sa pilosopiya sa iisang anyo lamang (i.e. Europeyong Modernismo). Kinailangan din nilang isa-alang-alang ang konsepto ng kultura sa pagsasagawa ng pilosopiya. Ang pilosopiya ay hindi na lamang kilos ng unibersal na isip ng indibidwal na mang-iisip kungdi ang pagtahak sa isang paglalakbay kasabay ng indibidwal ang buong kultura. Ang proseso ng pag-iisip ay hindi lamang pagbigkas ng isang katangi-tanging posisyong personal, kungdi diskurso rin na kasabay ang isang buong komunidad at/o iba’t ibang komunidad.

Sa ganitong paraan, ang proseso ng inklusyon ay kilos ng *hybridization*, *fusion*, at *creative appropriation* (o ang tinatawag ng pag-aaral na ito bilang *remix*) ng iba’t ibang hibla ng kultura: “On the contrary, a critical awareness of the historical, cultural, and linguistic conditions that shape its thinking are a necessary condition for identifying original or creative contributions to philosophical thinking” (Heisig, *Japanese Philosophy* 21). Ang pagpasok ng usapin ng kultura sa pilosopiya, at ang pagsusuri dito ayon sa alituntunin ng kasaysayan at lingwistika ay kinailangan upang ang pagtanggap sa kanluraning kaisipan ay hindi pasibo bagkos ay aktibong lumilikha. “In this

literature, methods, vocabularies, and reference points from outside of India are creatively appropriated by philosophers in the service of anchoring, articulating, and rendering accessible to a global audience Indian philosophical issues in a modern context” (Bhushan and Garfield xxii). Sa India, ang malay na pagharap sa pandaigdigang mambabasa ang nagbunsod na gamitin ang kaisipang Europeo nang malikhain.

Ngunit para saan ang lahat ng pagsusulat ng poskolonyal na pilosopiya? Kungdi bigyang tinig at espasyo ang tinatawag na subalternong identidad (Boundas 22ff). Tinanong nila kung ano ang kinalaman ng pamilosopiya sa nakararami sa lipunan. Ito ba ay sinasagawa ng mga malalakas sa lipunan upang panatilihin ang sarili nila sa kapangyarihan, upang lalong lupigin ang mga nasa ilalim? Kapag ganito nga, kulang pa ang paglampas sa kolonyal na abot-tanaw. Ang poskolonyal na pilosopiya ay ebolusyunaryong pilosopiya na kailangang humantong sa pag-unlad ng buong komunidad, at hindi lamang ng nasa taas na. Hindi lang niyong sinasangkot ang usapin ng lahi kungdi ng ekonomikong kalagayan ng mga tao.

Sa prosesong ito, may malaking kinalaman ang usapin ng wika. Sa Hapon at Tsina, pinili nilang mamilosopiya sa sarili nilang wika. Ngunit hindi nito ibig sabihin na walang naging kaakibat na mga suliranin sa mga iba’t ibang indihenong wika. Samantala sa India:

Anybody who is writing in English is not an Indian philosopher. . . . What the British produced was a strange species—a stranger in his own country. The Indian mind and sensibility and thinking [during the colonial period] was shaped by an alien civilization. [The British] created a new kind of Indian who was not merely cut off from his civilization, but was educated in a different way. The strangeness of the species is that their terms of reference are the West. . . . They put [philosophical problems] in a Western way (Bhushan xiii).

Sa kabila nito, pinili ng mga pilosopo sa India na mamilosopiya sa Ingles dahil ninais nilang maging bahagi ng global na tanghalan:

They strove to usher Indian philosophy onto a global stage; they used the English language in order to call attention to Indian philosophy and in an effort to bring India into dialogue with Europe (Bhushan xxvi).

Sa puntong ito pumapasok ang tanong ng pag-aaral natin. Nararapat bang isagawa ang pilosopiya sa wikang Filipino? Paano ito nagiging posible? Sa katunayan, ang pagsagot sa mga tanong na ito ay humihingi ng pagtingin sa depinisyon sa pilosopiya na isinasali ang mga di-tradisyunal na tekstong gaya nang nangyari sa ibang dating nasakop na mga kultura.

Sa maikling paglalahad na ito ipinapakita natin na ang poskolonyal o di-tradisyunal na pamimilosopiya na may higit na isang daang taong kasaysayan ay salaysay ng inklusyon na humihingi ng pakikipag-diyalogo sa Modernismo at ninais iyong lalong maging higit na inklusibo at plural. Kasama ito ng isang buong ebolusyon sa pilosopiya na nilayong gawing kilos ng pilosopiya sa pagpapaunlad sa kalagayan ng mga nagigipit ng mga strukturang ekonomiko at politikal.

### **Pilosopikala Pagbasa sa *Ibong Adarna***

Pinapanukala ng papel na ito na ang pagsusulat ng mga awit at korido, mga popular na teksto, ay impormado ng pilosopikal na hinagap. Naglalarawan ito ng limang hakbang tungo sa pakay na ipaliwanag ang kamalayang iyon. Sa unang hakbang, ipapakitang posibleng unawain ang *Ibong Adarna* nang pilosopikal at nakikipag-diyalogo sa Europeong Modernismo gaya ng ginawa sa Aprika at India. Makikita ito sa katauhan ni Don Pedro bilang pigura ng konsepto ng *der Wille zur Macht* ni Nietzsche. Sa ikalawang hakbang, tatanungin kung may konsepto ng pilosopiya sa Pilipinas na iba sa konstruksyon niyon sa kanluran. Tatalakayin kung gayon ang konsepto ng karunungan sa pigura ni Dona Maria. Sa ikatlong hakbang, tatanungin kung ano ang lugar ng ala-ala, pagbalik, at katutubo sa pilosopiya ng *Ibong Adarna*. Ipapakita sa paliwanag sa teksto na ang pag-alala sa katutubo ay maaaring maunawaan bilang pulkrum ng pamimilosopiya sa Filipino. Ngunit, hindi natin nauunawaan ang katutubo bilang pagbalik sa sinauna, ni Griyego ni ng kulturang Filipino, bagaman kasama ang mga ito, kungdi sinauna bilang kritikal na pag-tingin sa mga 'tumutubo.' Ibig nitong sabihin, na ang tunay na inuusisa ng katutubong pag-iisip ay ang kalikasan. Ang ekolohikal at ebolusyonaryong pagharap sa realidad ang ibig sabihin ng katutubo. Sa ika-apat, ipapaliwanag na ang katutubo sa abot tanaw din ng



mga awit at korido ay ang boses ng *subalterno* o nasa-isang-tabi (peripero). Ang Filipino bilang wika ng pilosopiya ay kilos at pagbibigay boses sa walang boses. Sa wakas, ang subersibo at naka-gagambalang kilos ng pagbubuo ng poskolonyal na pilosopiya ay nauunawaan ito bilang Inobasyon hindi lamang paglikha kungdi bilang remix.

Ang Filipino bilang wika ng pilosopiya ay pag-aalog at paghahalo. Hindi lamang ito ang ideya ng pilosopiya bilang alyenasyon (o paglisan na mababanaagan sa katauhan ng mga anak ng hari) ni ang pagbalik lamang sa katutubo (sa katauhan ni Dona Maria na bumalik sa Reino de los Crystal), kungdi ito rin ang remix ng lahat-lahat. Ang inobatibong hinagap ang daigdig nga ng mga awit. Kung gayon, ang Filipino bilang wika ng pilosopiya ay kontemporaryo sa kahulugang nagbibigay lakas itong yakapin ang di-katiyakan ng hinaharap, sapagkat duon, ang bawat hibla ng ating kasaysayan, at kasaysayan ng daigdig, at planeta, ay maaaring iremix. Sa ganitong paraan tunay na intelektwal na wika ang Filipino mula't sapol.

### **Don Pedro at der Wille zur Macht**

Nagbendicion nga muna  
Atsaca sila, I, nalis na,  
Si don Pedro ay nagbadia  
Cay don Diegong bunso niya.

Si Don Juan ay magaling pa  
Hindi mahihiya siya,  
At siya ang nacacuha  
Nito nangang ibong Adarna.

Ang mabuti ngayon naman  
Ang gauin natin paraan,  
Patayin ta na si don Juan  
Sa guitna nang cabunducan (189).<sup>1</sup>

Kung magsisimula ang repleksyon sa katauhan ni Don Pedro, maaaring maunawaan siya gamit ang lente ng Europeong Modernismo. Para sa awtor ng papel, si Don Pedro ay malalim na pigura (*figura*), ibig sabihin, pagsasatao ng isang sinaunang konsepto. Maaari ngang basahin ang mga awit sa etikal

na paraan, ngunit, maaari rin basahin sila, ika nga, “lagpas sa mabuti at masama.” Talos na marahil ng naka-aalam, na tinutukoy ang isang akda ni Friedrich Nietzsche, ang isa sa mga pilosopo ng paghihinala. Pinag-uusapan ni Nietzsche ang pagnanasa ng tao sa kapangyarihan, ang der *Wille zur Macht*. Itong pagnanasang ito ang nagbubunsod sa ating gawin ang anumang ginagawa natin, lalo na ang magtalaga ng mabuti at masama. Ang pagnanasang ito ay kitang-kita sa pagkakaroon ng paniniwala sa isang absolutong Diyos na nagtatakda ng malinaw na mga moral na alituntunin. Ayon sa pananaw ng ating pag-aaral, ito ang nakikita kay Don Pedro. Binugbog nga nila ni Don Diego si Don Juan, na sumagip sa kanila, pawang naging bato, at pina-akala ang hari na sila ang nakahuli sa Ibon:

Quinuha na capagdaca  
Ang dala nga niyang jaula  
Nang dalau, t, umui na  
Doon sa reining Berbania.

Ito ang isang pilosopikal na bahagi ng awit—ang Prometeong kilos ng pag-aagaw ni Don Pedro sa kabayanihan ni Don Juan. Itong-ito rin ang dahilan kung bakit nagkasakit ang hari, ang tanyag na kaliluhan ni Don Pedro. Paano natin masasabi na kalililuhan nga ito? Paano kung ito nga ang kasaysayan ng buhay ng tao, ng ating lahi? Ang pagkuha sa bunga ng tunay na katapangan ang nagbubunsod sa kasaysayan ng mga lipunan. Hindi nga *martyr complex* ang nagbubunsod sa buhay, kungdi pagnanakaw sa kabayanihan ng iba. Maaaring isipin na may dahilan ang kaliluhan ni Don Pedro, ang nararapat na inggit niya sa bunsong kapatid na pinapaboran ng Ama. Tinatawag ni Nietzsche ang inggit na ito bilang *ressentiment*—ang pagkahumaling sa sariling kaapihan na lalabanan sa pamamagitan ng pag-ako sa sariling pagnanasa sa kapangyarihan. Wala namang buhay politika kung lahat tayo ay tatanghod na lamang sa kalooban ng hari. Umuusad lamang ang buhay kung sasalingin ang kalooban ng haring-ama, sa subersyon ng batas, upang makamit ang lakas, ang tunay na birtud ng buhay. Sa awit, si Don Pedro lamang ang tunay na nag-iisip, samantalang si Don Juan ay walang ginawa kungdi magdasal. Malinaw na nang nakita ng tatlong magkakapatid

ang balon, naglaro na kaagad sa isip ni Don Pedro ang kanyang pakana upang maagaw ang kapangyarihan: “Panguingan ninyong dalaua ang aquing ipagbabadya...” “Nang mayruong sampon dipa Ang lubid na naugos na, Ay pinatid capagdaca ni don Pedrong palamara” (213). Sa puntong ito, mas may kumpyansa na si Don Pedro na makukuha na niya ang ninanais, sapagkat tanging ang parehong paghahangad sa kapangyarihan ang nagbunsod kay Don Juan na bumalik upang kunin ang singsing ni Leonora. Sa ganitong paraan, ang moral na pagbasa sa Ibong Adarna ay hindi lamang kung paano tumutugma ang awit sa moral na uniberso, na pilosopikal nga, ngunit kung paano ito tugma sa pagtutol at pagsira sa moral na uniberso na iyon ng mga Modernong mang-iisip. Sa katunayan ang daigdig kung saan malinaw ang mabuti at masama ay mas halata sa pigura ni Dona Maria. Tiyak na hindi lamang dahil moral siya kaya niya pinahiram ang kanyang karunungan kay Don Juan, kungdi dahil sa kanyang pagnanais na salingin ang imperyosong ama. Sa susunod na bahagi, pag-uusapan natin ang konsepto ng karunungan sa awit.

### **Karunungan ni Dona Maria**

Sa kabila ng bakas ni Prometheo sa teksto, masasabi bang tumuturo ang teksto sa konsepto ng karunungan na iba sa konstraksyon ng mananakop? Talos na maraming beses na ginagamit sa (mga) awit ang salitang karunungan. Katambal nga ito ng pagiging matanda: “Ang matandang ito naman, Segurong may carunungan” (222). Ulit sa 235: “Sila ay naging talunan, Narilag sa carunungan, Nang haring aquin magulang, Naging bato ang catauan.” Dito malinaw na ang pag-unawa ng awit sa karunungan ay may kinalaman sa kapangyarihan. Malinaw na malinaw sa: “Saan patutungo naman Ang sa haring carunungan, Na majica negra lamang Ang canyang tinatangnan.” Kung gayon, ang karunungan ay kapangyarihan, ngunit kapangyarihang o majica negra o majica blanca” (240). Sa wakas: “Sapagca, t’, uala cang daan Cay don Juan ay macasal, Matigas ang carunungan, Dona Mariang timtiman” (286).

Para sa isang pilosopo, ang salitang karunungan ang tiyak isa sa mga salitang nakakabighani. Tanungin kaagad: anong karunungan ito na

binabanggit ng awit? Paano ito nauugnay sa “karunungan” ng kasaysayan ng pilosopiya na laganap sa panahong sinulat ang mga awit? Paano ito nauugnay na karunungan sa [kanlurang] kasaysayan ng pilosopiya? Ito na marahil ang tiyak at walang-kaduda-dudang patunay na may pilosopiya sa mga awit at na maaari silang basahin sa pilosopikal na paraan. Isa pa lamang ito sa pagkaraming ideyang pilosopikal na nakabaon sa mga awit (ang iba pa ay ang ‘awa,’ ‘pag-ibig,’ at ‘sarili’). Ngunit nagiging sadyang kumplikado na ang usapan kapag titignan naman ang pagsasalin sa salita sa Ingles. Tiyak na hindi nga “*wisdom*” ang ibig sabihin ng karunungan sa mga siping nabanggit. Mas malapit sa “*power*”; gayonpaman, bakit nga ba “*power*” ang pagsasalin sa Ingles? O kung “*power*” man, malinaw na nga ba sa isip natin ang ibig sabihin ng “*power*” sa kontekstong ito?

Bagaman karunungan nga ang tinutukoy na salita sa teksto, at binabasa ito sa pilosopikal na paraan, hindi nito ibig sabihin, na may malinaw nang pag-unawa sa salitang iyon sa akda. Gayonpaman, ilang dekada na rin akong nagturo ng pilosopiya sa Filipino sa Kagawaran ng Pilosopiya sa Ateneo, na may kahiligang magsalin ng mga kaisipan mula sa Ingles sa Filipino: halimbawa na nga ay ang salitang *philosophia*. Tinuturo sa mag-aaral na galing ito sa salitang Griyego na *philein*, na ang ibig sabihin ay ‘umibig,’ at salitang *sophia*, na ang ibig sabihin ay: ‘Karunungan.’ Ang ibig sabihin ng *philosophia* ay “maging kaibigan o umibig sa karunungan.” Gayonpaman, maaari pa ring tanungin kung sino ang unang nagsalin ng *philosophia* nang ganiyon, at kung bakit ay kailangang tuklasin ng historyador ng pilosopiya sa Pilipinas? Bakit hindi ito sinalin bilang “pakikipagkaibigan sa pag-unawa” o “paghahanap sa katotohanan?”

Dalawa ang dapat tanungin: una, ano nga ang ibig sabihin ng karunungan sa awit; at ikalawa, sa anong dahilan at ang salitang ito ang ginamit sa pagsasalin ng *sophia* sa salitang *philosophia*. Nais linawin, na hindi natin ibig sabihin na may pilosopiya sa awit dahil ginagamit nito ang salitang karunungan. Kungdi, may pilosopiya dito sapagkat nakikipaglaro ang awit sa iba’t ibang bukal ng “karunungan” na naririnig o binabasa, ang Banal na Kasulatan, ang Koran, ang mga *manual* ng scholastikong pilosopiya ng mga panahong iyon, at tiyak ang mga bukal na hindi tinuturing na piloso-

pikal sa tradisyunal na kahulugan. Samaktuwid, hindi tayo namamangha sa paggamit ng salitang karunungan sa teksto, kungdi na mayruon itong malinaw na *ibang* kahulugan sa sinasabi sa mga silid-aralan ng pilosopiya na bumabatay sa nakagisnang kasaysayan ng pilosopiya.

Hinihingi ng pagbubuo ng pilosopiya sa Filipino ang pag-depina ng metodo ng pagbabasa upang mataluntong ang ibig sabihin ng mga salita sa Ibong Adarna at upang maipakita ang proseso ng pagtuklas sa kahulugan ng mga salitang ginagamit dito, tulad ng karunungan, *magica negra*, pagligtas. Kailangan din sabihin na ang matayog na paggamit sa wika na naririnig sa mga awit, ito rin ang buong metodo ng pilosopiya.

### **Ala-ala at Katutubo**

Yayamang ang pagbuo ng poskolonyal na pilosopiya ay humihingi ng pagbalik sa mga teksto na tradisyunal sa natatanging kultura, nararapat na talakayin ang konsepto ng “ala-ala” sa awit. Alam ang kilalang bahagi: “Umupo na capagcuan Doon sa sinapupunan, Nauala sa gunam-gunam Princesa niyang iniuan” (269). Dito ang salitang ginamit para sa memorya ay: gunam-gunam. Itabi natin sa isa pang sipi: “Sagot ni dona Maria, Cun yaon ang utos niya, Huwag cang mag-ala-ala Aco, I, siyang bahala na” (246). Sa huling bahagi ng awit ay ang panghuling hamon sa mga nagbabasa: ang pagkalimot ni Don Juan sa mga naganap sa Reino del los Crystal. Sa isang paningin, maaaring sabihin na inuulit ng kwento ng awit ang maka-kanlurang mito ni Odysseo yayamang nasasaad duon ang paglisan at pagbalik. Ang mitong ito ay natatagpuan na puso ng iba’t ibang pilosopiya, halimbawa nuong panahon ng Edad Media. Kahit sa kontemporaryong pilosopiya ni Emmanuel Levinas, sentral din ang kwento ni Odysseo. Ngunit mapapansin, na *ibang-iba* ang paglalahad ng mitong ito sa awit: sapagkat naging problematiko ang pagbabalik ni Don Juan sa buong nais sabihin ng kwento. Sa kanyang pagbalik sa sariling tahanan may nagawa siyang pagkalaking kamalian: ang kalimutan ang mga ginawa sa kanya pagtulong ni Dona Maria. Sa isa pang mas nakahihilong pagbabaligtad ng anonimong akda, alam ni Dona Maria na ito nga ang mangyayari, kaya pagkabilin-bilin niyang huwag lilingon sa ibang babae (Cung icao ay dumating na sa real palacio бага, ay huwag palalapit ca Ni sa

iyong reinang ina. 268) Dito nga rin maaaring unawain ang lahat ng “ginawa” ni Dona Maria upang masagip si Don Juan sa malulupit na hamon ng kanyang Amang, si Haring Salermo. Sa ganito ring abot tanaw maaaring unawain na ang mga Hari at Reynang Magulang ay *hindi* lumilisan ng kanilang “tahanan,” manapa’y mga anak lamang nila ang naghahanap ng pakikipagsapalaran.

Isa lamang ang bantog na manunulat na si Tony Perez<sup>2</sup> na nag-bigay ng pagbabasa sa *Ibong Adarna*. Inilahad niya ang malalim na kahulugang *personal* ng awit, na nilalarawan ng kwento ang paglalakbay ng sarili tungo sa kanyang pagtubo bilang indibidwal. Kailangan nating sabihin na mulat din si Tony Perez na mula kay Freud at psiko-analisis ang kanyang pagbasa. Sa ganitong paraan, ang pilosopikal na papawirin ng awit ay kitang-kita sa pagsisid nito sa konsepto ng paglimot, pag-ala-ala, at pag-aalala, na malinaw sa sipi, na may kinalaman sa tunay na karunungan ni Dona Maria: na siya ang bahala. Ito ang *aporia* ng awit: alin nga ba ang dapat matandaan, ang “real palacio” o “ang Reino de los Crystal?” Ngunit sa wakas, mas nakagigimbal ang paraan ni Dona Maria ng pagpapa-ala-ala na hindi dapat magdulot ng pag-aalala: walang iba kungdi ang dalawang negrito sa banga: “Siya nang pag-uuiuca na Ang musico, I, tugtugin na, At nagsayao an dalaua, Ang negrito at negrita.” (274).

Sa puntong ito nakarating na tayo sa buod ng nais nating sabihin—na ang pilosopiya sa awit ay ang pag-uusisa nito sa mga tema ng pagkakasakit at pagkahilom, paglisan at pagbabalik, ang pagkalimot at pag-ala-ala. Hindi nga ba’ ito ang kwento ng buhay ng tao, ng ating lahi: na nakalilimot sa nagligtas sa ating buhay, na, gayang isiniwalat ni Perez sa kanyang mga akda, ay walang iba kungdi ang ating mga sarili? Tiyak na may magsasabi na ang huling bahagi ng awit ay mahabang aral tungkol sa kahalagahan ng Santa Misa, sapagkat duon, ang *anamnesis* sa buhay ni JesuKristo ang panuntunan ng banal. Gayonpaman, gaya ng lahat ng kilos ng may akda ng awit, binabali-igtad ng teksto ang proseso. Sa wakas, ang katutubo ang nagpapa-ala-ala sa nakalimutan. Para bang sinasabi ng may-akda, ang nakalimutan ang siyang magpapawaglit din sa nakaligtaan.

Sa awit, ang kaalaman ay nasa balanghay ng pagkalimot at pag-alala. Ang malalim nitong inuusisa ay: sa buong prosesong ito ng paghahanap sa ating ala-ala, nasaan ang lugar ng katutubo?

Ito ang talagang tinatanong kapag tinatanong natin ang bakit at paano ng pagsasagawa ng pilosopiya, ng siyensa, atbp., sa Filipino. Ngunit isang tanong na tinanong na ng mga may akda ng awit. Kaya, kung ninanais nating patunayan kung nararapat isagawa ang intelektwal sa Filipino, mula't sapol nangyari na iyon, nakalimutan lamang natin.

### **Katutubo bilang Pagharap sa mga Tumutubo**

Kung paano mag-usisa hinggil sa katutubo ay masalimuot at marubdob na usapin, lalo na sa panahon ng neo-kolonialismo. Sa pag-aaral na ito, babanggitin ang pagharap ng Heswitang mang-iisip na si Roque Ferriols, yayamang, siya ang isa sa mga nagsagawa (muli) ng pamimilosopiya sa Filipino.

Halos ganito ang sinasabi ni Ferriols hinggil sa usapin ng katutubo. May dalawang kilos ang pagbaling sa katutubo kung pilosopiya ang tatanungin. Una ay makasanayang na pagbalik sa tinatawag na Klasikal na kaisipan. Isinalin ni Ferriols ang *Ancient Greek Philosophy* bilang *Mga Sinaunag Griyego*.<sup>3</sup> Ang akda niyang ito marahil ang isa sa mga seminal na akda ng kaisipang Filipino sapagkat taglay ng aklat ang buong kasaysayan ng pag-alam na humanistiko ng panahon ng Kastila, Amerika, at sa Nueva York, Cebu, Loyola Heights, Sampaloc, Zambales, atbp. Si Ferriols ay Katutubong Pantas, sapagkat hindi lang siya kumuha ng mga klase ng Griyego at Latin, kungdi siya ay nagpamalas na kakaibang galing sa klasikal na mga wika. Bakit binabanggit ito? Sapagkat itong-itong tradisyon din ang konteksto ng mga may akda ng awit. Sa kabila ng kanyang kolonyal at klerikal na edukasyon, hindi pinili ni R. Ferriols ang magsulat sa Ingles o ano pang trandisyunal na wika ng pilosopiya, kungdi buong tapang niyang isinagawa ang pamimilosopiya sa wikang Filipino. Ganito rin ang ginawa nila Huseng Sisiw at Balagtas, na siya namang hindi ginawa ni Jose Rizal: ang magsulat sa [sariling] wikang katutubo.

Parang sinasabi ni Ferriols sa kanyang akda hinggil sa Sinaunang kaisipang Griyego na ang pagbalik na ito sa katutubo ay hindi lamang

pagbalik sa *sophia* ng mga Griyego kungdi sa tunay na *sinauna*—ang matanda pa sa matanda. Makikita sa aklat na ito ang pagmumuni tungkol sa konsepto ng katutubo, bagaman (at marahil dahil hindi sa sistematikong paglalahad).

Sa pahina 20, ang seksyon ay pinamagatang *Salita*:

Sa pakikipagkatoto sa sansinukob, sa paglalabas sa kinakakublihan sa mga landas ng sangtumulubong, katutubo sa taong pag-usapan ang kanyang ginagawa.

Narito ang parehong proseso na nakikita sa laro na itinanghal ni Dona Maria upang tunay na makabalik si Don Juan sa Reino de los Crystal—na kanyang pakay. Kung mamarapatin ninyo, magsasagawa ako ng isang masusing pagbasa nito. Una, nakikita ang pinag-usapan ni Ferriols sa pahina 12, ang paglalabas sa kinakakublihan, ang konsepto ng *aletheia*. Ngayon, ang katagang pinag-uusapan ay *Lethe*, na tumutukoy sa ilog sa Hades na nagdudulot ng pagkalimot sa nakaraan. Sa salitang *lethe* nga nagtatagpo ang mitong Griyego at ang pilosopiyang Griyego. Kaya ang salitang Griyego sa katotohanan ay *aletheia*, o paglabas sa kinakublihan o pag-alala. Ngunit sa isang kilos ng subersyon, binabanggit ni Ferriols ang salitang Filipino para sa katotohanan: pakikipagkatoto sa pamamagitan ng pagsasagawa sa katutubo. Ibig sabihin, sinasabi ni Ferriols na ang Klasikal na kaisipan ay talinghaga lamang a) ng katutubong kilos ng tao, at b) ng katutubo sa atin.

Isa itong halimbawa ng sinasabi niyang, pamimilosopiya, ngunit na hindi magagawa nang hiwalay sa wika. Bilang isang magaling sa mga wika, tunay na nagawa ni Ferriols ang sumabay sa mga akdang Griyego; ngunit bilang tunay na namimilosopiya, batid niyang, kailangang bumalik siya sa tunay na katutubo—at hindi iyon ang Klasikal na Griyego, kungdi ang tinatawag niyang Sansinukob (o Kinapal), ang mga tumutubo.

Linawin natin ang mga puntos hanggang dito: a) una, na ang pag-usisa sa katutubo ang ginagawa ng awit, hindi lamang dahil nasa katutubong wika ito, kungdi dahil duon ang kwentong isinalaysay ay ang kwento ng pagbalik; ikalawa, na ang pagbalik na ito sa katutubo ay para sa sinauna, at ano ang sinauna, ang mismong mga tumutubo o ang kalikasan—ang mas matanda pa sa matanda. Kapag sinasabi nilang pagsasalin ang meron ng *Being* o ng *Es*



*gibt*, hindi ko maiwasang tumutol dahil, hindi ito sinasaad ng mga akda ni Ferriols. Ang pilosopiya ay ang mismong pagharap sa mga *tumutubo*. Tiyak na upang maunawaan ang ibig niyang sabihin, kailangang suriin ang lagapan na kaisipan nang panahong binubuo niya ang mga ideyang ito, hindi lamang sa Pamantasan ng Ateneo de Manila kungdi sa Kapisanan ni Hesus, kung kailan ang buong usaping ng radikal (e.g. sa Theolohiya ng Liberasyon) ay matunog-na-matunog. Tama man siya o mali, kay Ferriols ang tunay na radikal ay iyong konsepto ng katutubo. Sapagkat ibig nitong sabihin na bumabalik ang tao [at ang buong usapin ng pagpapakatao] sa mas nauna sa Sinaunang Griyego, ang kalikasan at ang *lupang* pinag-uugatan ng lahat ng Salita. Kung hindi tayo kumbinsido, magpatuloy tayo sa parehong talata:

“May bukod tanging landas ang bawat kalinangan.”

Hindi ba ito ang landas na tinahak ng mga poskolonyal na pilosopiya sa Aprika at India—ang makita ang kanilang sariling kultura bilang daan ng pamimilosopiya? Tulad ng mga awit, ang radikalismo ni Ferriols ay naka-ugat sa katutubo. Kung iisipin mong pagsasalin ng mga akdang banyaga ang sinabi niya, *hindi* iyon ang sinabi niya. Upang maunawaan ang sinabi ni Ferriols, kailangang *bumalik* tayo sa “ugat ng kalinangan.” Wala itong iba kungdi ang buong konsepto/usapin ng katutubo. Sa madaling sabi, ang katutubo ay hindi lamang iyong *indigeno* o *indio* o *nativo*, kungdi ang natatanging kalinangan, iyong sinauna sa anomang pananakop, ni ng isang imperyo o ng isang relihiyon. Ibig sabihin, bumabalik si Ferriols hindi lamang sa nakaraan kungdi sa kailaliman ng bawat paglilintang (kultura). Tulad ni Don Juan sumisid siya sa balon at duong nakipagbuno sa higante at serpiente upang maiahon mula sa dusa ang kanyang Leonora.

### **Katutubo bilang Ekolohiya at Tinig ng Subalterno**

Bagaman nagsisimula ang ating pag-uusisa kay Ferriols, hindi naman ito nagtatapos duon. Sapagkat hindi lamang ang indihenong kultura ang katutubo. Ito ay mas natibo sa natibo, ang mga tumutubo, ang kalikasan. Sa puntong ito nais kong sabihin na bagaman may kahiligan talagang maging gubat na mapanglaw ang pilosopiya ay hindi ko nais gawin iyon.

Nais kong maging malinaw. Kaya maging malinaw at distinkto tayo: una, ang katutubo ay walang iba kungdi ang kalikasan na tunay na pinag-uugatan ng pag-unawa. Kaya nga, ang pamimilosopiya sa katutubong wika ay walang ibang ibig sabihin kungdi ang bumalik sa kalikasan, sa ekolohiya, at sa organiko at ebolusyunaryong buhay nito.

Sa puntong ito nililisan natin ang papawirin ni Ferriols. At dumadako tayo higit na malapit sa depinisyon ng kalikasang tinutukoy sa kontemporaryong panahon. Ito ang dahilan kung bakit isinagawa ang lingwistikong metodo sa itaas; ito ay upang linawin na *hindi* pa iyon ang pilosopiya. Kapag nagsusuri tayo ng mga salita, hindi *pa* tayo namimilosopiya, kungdi gumagawa tayo ng kinakailangang kilos ng hermenyutika upang tunay tayong makarating sa PAKSA ng pilosopiya, na walang iba kungdi ang TALAGANG NANGYAYARI. Ito ang ibig sabihin na ang pilosopiya ay nagsisimula sa ating karanasan at na empirikal ito. Ang tanging paksa ng pilosopiya ay kontemporaryong (sa literal na kahulugan bilang kasabay sa panahon) pangyayari, ang tinatawag ni Ferriols na “talagang nangyayari.” Ito ang ibig sabihin ng katutubo. Kaya nga, malinaw na ang pagbalik sa katutubo ay walang iba kungdi ang unawain ang kasalukuyan natin. Isang kilos na malinaw sa kwento ng awit. Sa wakas, ang pagsasalita ng magkatambal na negrito at negrito ay paalala sa ating konteksto. Ang pagbalik na ito ay kilos na kritikal sa kahulugang ang pamimilosopiya ay hinggil sa pagtatanong tungkol sa ibig sabihin ng mga palatandaan o hudyat ng ating panahon. Kaya sa ganitong paraan, yayamang ang kalikasan ang pinakamahina, marapat na bumalik sa mga awit sapagkat ang mga awit ay “boses ng subalterno.” Kapansin-pansin na sa mga pagsusuri sa mga awit, hindi malinaw na ito ay koneksyon natin sa Amerika Latina. *Corrido* din ang tawag sa mga metrikong romansa ng mga Latino. Sa mga nag-aaral ng mga *corrido* sa Latin Amerika, malinaw na kritikal na pag-iisip ang ibig sabihin ng pagiging katutubo (Villalobos and Reyes-Pimienta 129-149).

Linawin pa ang pagpapakahulugan natin sa katutubo: a) hindi ito pagbalik sa nakaraan; b) hindi pangunguna sa isang bukod tanging kalinangan na walang kahit anong bahid ng banyagang impluwensiya; k) bagkos, ang katutubo ay pagbalik sa kritikal na pag-tingin sa kontemporaryong panahon,

lalo't higit sa kalikasan sa empirikal na metodo ng agham; d) kaya, ibig din sabihin ng katutubo ay ang boses ng mga naaapi, na siyang kalikasan at mga hindi marunong sa wika ng mananakop. Samaktuwid, ang katutubo ay ang kritikal na pag-iisip, na huwag basta tanggapin ang nakikita. Ito ang pangin-gilatis ni Dona Maria, na batid na nag-babalat-kayo ang lahat ng nadarama.

Unang-una, alam natin na ang buong suliraning ng kalikasan ay ebolusyon bilang pag-unlad. Kaya sa buong proseso ng pag-unlad mahalaga ang malinaw na pagtingin sa kalikasan. Kung babalikan ang ekolohiya, wala naman duon ang proseso ng paggapi sa mahina upang manatiling buhay. Ang ebolusyon ay hindi proseso ng pagdaig sa mahina, kungdi proseso ng pakiki-pagtulungan ng mga organismo sa pamamagitan ng adaptasyon, na ang ibig sabihin, ay nararapat na pagtugon sa kapaligiran. Adaptasyon ay hindi ang pagkain ng malaki sa maliit, kungdi ang pagbubuo ng kakayahan ng isang organismong maging bahagi ng isang ekolohiya. Ito ang katutubo. Ngunit sa ganitong proseso, paano nga ba tunay na makalilikha ng isang ekolohiya, kung walang boses ang mga naaapi? Kung ang tingin natin ay dapat ngang kainin ng mga Don Pedro nang buhay ang mga Don Juan, hindi na kailangan ng awit ng *Ibong Adarna*. Ang pagbalik sa mga awit at pananatiling umaawit ay pagigiit sa katarungang panlipunan. Ang katutubo ay kalikasan, ang kalikasan ay kinikilala ang lahat ng tumutubo o ang lahat ng buhay.

Ngunit iyon na nga, paano makikita ang ibang umiiral kung iisa lamang ang wika ng pag-iisip? Ang katutubo ang nananatiling garantiya ng marininig ang boses ng subalterno, ang hindi makasali sa global na talakayan.

### **Katutubo at Inobasyon**

Sa huling bahagi ay makita na ang pagbubuo ng poskolonyal na pilosopiya sa Filipino ay sinasangkot ang depinisyon ng katutubo bilang inobasyon. Nakikita rin ito sa awit. Wala sigurong linya ng awit na hindi pina-uusad ang panahon dahil sa paghahalo dito ng mga tanda. Ang tawag dito ng mga teorista ng pagkamalikhain ay *Remix* [o gaya ng nabanggit na, *hybridization* at *fusion*]. Binanggit natin na ang suliranin ng tumutubo ay ang ebolusyon. Sa paghahangad ng tao sa ebolusyon, inisip niyang ipanguna ang progreso. Isa itong sinulid ng pagbasa sa mga awit, ang paghahanap ng kalayaan sa

panahon ng pananakop—isang progresibong at liberal na pagbabasa. Ngunit, nakabatay din iyon sa progresibismo na may mga tao at lipunan na nakahihigit o nakaka-aangat, isang pag-aangat na nakabatay sa pagiging hari ng malakas, ng *der Wille zur macht*. Itong kaisipang Nietzscheano hinggil sa katutubo ay ang orihinal na nagsasanhi ng kaapihan ng mahihina ng mga maharlika; ng isang maling pag-unawa sa ebolusyon bilang pagkain ng malakas sa mahina.

Ang progresibo at liberal na pag-unawa sa awit ay balido, ngunit kailangan ng kritikal na pagtingin, sapagkat ang liberalismo ay nagdudulot din ng eksklusyon. Kung gayon, ang simplistikong ekonomikong pag-unlad na sinusulong ng liberalismo mismo ang ugat ng kwento ng kaapihan na inaawit ng mga korido. Ngunit ang awit din ang malinaw na pagtutol sa kaapihan. **Dahil hindi naman nagagapi ang kaapihan nang walang paglikha.** Ang buong kilos ng katarungan ay hinihingi ang pamimilosopiya bilang katutubo, bilang paglikha. Itong katutubong paglikha ay ebolusyonaryo sa kahulugang ginagalugad ang konsepto ng ekolohiya, o ang pagiging naka-depende ang lahat sa isa't isa.

Naunawaan ng mga akda ng awit na ang katarungan ay sa mismong pagbalik sa katutubo. Ang katutubo ang lumilikha, ang inobasyon. Ibig natin sabihin na wika ng pilosopiya ang Filipino sapagkat mula't sapol ang hangarin ng awit at korido ay ang lumikha, o sa wika nating ngayon, ang mag-inobeyt. Ang inobasyon ay humihingi ng remix. Isang kilos ng subersyon, sapagkat may hinahalo ba na hindi naaalog? Ngunit napakapayak ng naunawaan ng mga ninuno, na kung may magdadala man ng katarungan sa ating lipunan ay tayo din iyon, sa pamamagitan ng disrupsyon na gagawin natin sa mapang-aping struktura ng lipunan. Ang tunay na aral ng awit ay na hindi mararating ang katarungang panlipunan kung hindi isinasama sa mix ang katutubo. Ang pagsasamang iyon ang laging nagbubunsod ng inobasyon. Kung wala nitong inobasyon na iyon ang tanging tanggulan ay karahasan.

Ang Filipino bilang wika ng pilosopiya ay paghahangad na makatuklas ng paraan ng katarungan na nagmumula sa paglikha. Pinag-iisipan ngayon kapwa ng mga relihiyoso at siyentipiko ang siyentipikong paraan ng pagiging maawain—ito ang susunod na hakbang ng ebolusyon. Kaya, hindi lamang kalayaan ang tanong ng awit kungdi ang *awa* at *habag* din: “Nang cay don

Juang matatap Ang hatol na iguinuad, Siya ay nagdalang habag, Sa capatid niyang liyag” (198); “Nang maguing tatlong oras na ang canilang pagbabaca, Cay D. Juan ay nagbadya, Ang taksil at palamara. Quita ay magpahingalay itong ating paglalaban. Napaayon si D. Juan sa serpiente ng tampalasan” (210); “Doon ay caguinsa-guinsa Doon sa pagtulog niya, Siya nangang pagdating na Mahal na ibong Adarna” (218). *At marami pa.*

Sa madaling sabi, ang tanong ng agham ngayon ay hindi lamang kung ano ang Sistema ng pag-unlad, kungdi ano ang Eko-sistema ng pagiging makatarungan. Ang sinaunang suliranin ng relihiyon, kung paano magagawad habag ay nagiging suliranin ng inobasyon. Lalo itong lilinaw sa pagsasagawa ng pilosopiya sa katutubong wika bilang boses ng subalterno. Sa kilos na ito, ang intelektwal na hangarin ay nagiging posible sa pamamagitan ng pag-iisip sa katutubong wika. Sa madaling sabi, ang inobasyon ang hangarin ng agham, at ang inobasyon ay hindi lamang daan tungo sa pagkikipagkompetensya (pakikibaka sa serpyente) kungdi paanong natututo rin sa serpyente. Iyon ang katutubo. Ngayon ang hangarin ng inobasyon ay katarungan—o awa.

Inobasyon rin ibig sabihin, pagsisimulang muli. Nasa buong kilos ng katutubo ang konsepto ng pagsisimulang-muli, ang pagbangon sa libingan. Ang awit ay simulang muli. Ito nga ay pagbati ng Anghel sa Birhen Maria sa Salubong, isang pagbubunyang na nabuhay na muli ang anak niyang ipinako sa krus. Ibang-iba ito sa konsepto ng progreso o promosyon; kungdi, naroon ang buong kilos ng pagkamatay upang mabuhay na mag-uli. Sa wakas, ang *Ibong Adarna* mismo ang nabuhay na muli: “Namayapac at naghusay Naglinis na nang catauan, Balahibo, I, pinalitao Anaquin ay quintong tunay” (194).

At lagi, ang awit ang tanda ng pagkabuhay na muling ito. Ibig sabihin, pinatatanong ng buong konsepto ng pagkabuhay na muli kung layunin nga ba ay umangat lamang nang umangat o ang maging panibagong spesiye—ang maging inobasyon? Kung wala nitong resureksyon, hindi naman nag-ebolusyon ang mga organismo. Sa isip ng may akda ng awit, ang tunay na ebolusyon ay sa awit—sa remix ng inobasyon (sinauna at moderno; organiko at teknolohikal; totoo at birtwal). Bahagi ng pamimilosopiya sa Filipino ang isagawa ang inobasyon sa katutubong wika. Lalo’t higit, ang katutubo ang

nananatiling kontemporanyo, ibig sabihin, may kabuluhan sa hinaharap. Kung gayon ang wikang katutubo ay sabay na pulkrum ng pagtutol at ng pagsilang ng panibago.

## **Konklusyon**

Salita nga ba ang daan ng kaligtasan? May halaga ang mga wika. Ngunit sa wakas higit na may dunong ang awit. Bagaman nagsisimula ang mga awit sa pamimintuho sa pintakasi, ang tunay na simula ng awit ay ang umaawit. Sinabi ni Karl Marx na ang relihiyon ay opyo ng mga masa, marahil iyon din ang tingin natin sa mga awit, na isa itong pagtakas sa mga kaapihan ng kolonyalismo; ngunit sinabi din ni Marx na ang relihiyon ay panaghoy ng mga naaapi (Rehmann 144-153). Bilang panaghoy, ang pag-awit ay pagkilos. Sa pilosopo, ang tunay na pagkilos na ginagawa ng tao ay ang pagsasalita. Kung ang pagsasalita natin ay hindi nagtatayo ng mga tulay, bakit nga ba hindi pa tayo humawak ng mga armas, tulad ng Supremo? Sapagkat alam natin ang nagsasalita ay higit na matapang sa may hawak ng armas, sapagkat hindi nakamamatay ang sandata bagkos lumilikha. Kung haharap tayo sa may sandata na taglay lamang ang ating mga gitara, tunay tayong matapang.

Buksan natin ang bawat pahina ng mga awit, naruon ang buong tapang ng ating kalinangan, hindi sa paniniwala lamang sa karununganang blanca at negra, kungdi sa pag-awit na nakapagtutulala sa mga naghahari-harian. Gayonpaman, ang mang-iisip, hindi tulad ng makata, ay hindi nais magparilisa. Bagkos nais niyang ang tao’y mag-usisa tungkol sa sarili nating karunungan nang sa gayo’y mabago ang lipunan.

Sa pagsasagawa natin sa Siyensa sa katutubong wika sinusundan lamang natin ang halimbawa ng mga may akda ng mga awit na ipinakita ang tunay na inobatibong agimat ng katutubo. Nagsisimula pa lamang ang buhay ng ating mga awit at korido, yayamang nasa karununganang katutubo na maging laging bago. Tinatawag tayong ng mga ninunong mang-aawit na sa palikha ng bayan tayo’y kailangang magsimulang muli at muli.

## Mga Tala

1. Pagpapina ay tumutukoy sa Josefina Mariano, transl., “Ibong Adarna,” in *Philippine Metrical Romances, Anthology of ASEAN Literatures*, Nalandanga Inc., 1985.
2. *Collected Works of Tony Perez*, vols. 1-3, UST Publishing House, 2008-2009.
3. *Mga Sinaunang Griyego*, Office of Research and Publications, 1992.

## Tala-Sanggunian

- Almario, Virgilio. *Francisco Balagtas Florante at Laura*. Adarna, 2003.
- . *Si Balagtas at ang Panitikan Para sa Kalayaan*. NCCA, 2014.
- Armistead, Samuel, "Medieval Origins of the Corrido." *Western Folklore* vol. 64, no. 1/2 (Winter-Spring, 2005), pp. 93-108.
- Bhushan, Nalini, and Jay L. Garfield. *Indian Philosophy in English: From Renaissance to Independence*. Oxford UP, 2011.
- Boundas, Constantin. "General Introduction." In *The Edinburgh Companion to Twentieth-century Philosophies*, edited by Constantin Boundas. Edinburgh UP, 2007, pp. 1-26.
- Brown, Lee M. *African Philosophy: New and Traditional Perspectives*. Oxford UP, 2004.
- Coetzee, P. H., Roux, A. P. J., *The African Philosophy Reader* 2nd ed. Routledge, 2003.
- Eugenio, Damiana. *Awit and Corrido, Philippine Metrical Romances*. U of the Philippines P, 1987.
- Diokno, Maria Serena, and Ramon Villegas. *Life in the Colony Kasaysayan The Story of the Filipino People* vol. 4. Asia Publishing Company Limited, 1998.
- Ferriols, S. J., Roque, *Mga Sinaunang Griyego*. Office of Research and Publications, 1992.
- Heisig, James W., Kasulis, Thomas P., Maraldo, John C. *Japanese Philosophy: A Sourcebook*. U of Hawai'i P, 2011.
- Lumbera, Bienvenido. *Tagalog Poetry 1570-1898. Tradition and Influences in its Development*. Ateneo de Manila UP, 1986.
- Mariano, Josefina, trans. "Ibong Adarna." In *Philippine Metrical Romances, Anthology of ASEAN Literatures*. Nalandanga Inc., 1985.
- Park, Peter K. J., *Africa, Asia, and the History of Philosophy: Racism in the Formation of the Philosophical Canon, 1780-1830*. SUNY P, 2013.
- Perez, Antonio. *Collected Works of Tony Perez* vols. 1-3. UST Publishing House, 2008-2009.
- Rehmann, Jan. "Can Marx's Critique of Religion Be Freed from Its Fetters?" In *Rethinking Marxism* vol. 23, no. 1, January 2011, pp. 144-153.
- Sharidan, Mary, and Jennifer Rowsell. *Design Literacies Learning and Innovation in the Digital Age*. Routledge, 2010.
- Villegas, Ramon. "Language, Literature, and Liberation." In *Life in the Colony Kasaysayan The Story of the Filipino People* edited by Maria Serena Diokno and Ramon Villegas, vol. 4 Publishing Company Limited, 1998.
- Villabos, Jose Pablo, and Juan Carlos Reyes-Pimienta. "Corridos and la pura verdad: Myths and Realities of the Mexican Ballad." *South Central Review* vol. 21, no. 3, Fall 2004, pp. 129-149.